▶クリックで音声再生▶

Tagalog
タガログ語

まんがでわかる 塗装の安全衛生

Alamin sa Pagbasa ng Komiks
Health and Safety sa Pagpipinta

Nilikha ang audiovisual material na ito upang turuan ang tungkol sa mga basikong konsepto ng kaligtasan at kalusugan sa lahat ng mga taong nagtatrabaho sa pagpipinta.



Percentage ng mga pagkasugat at pagkamatay dahil sa work-related injury sa trabaho ng pagpipinta

		Pagpipinta sa labas	Pagpipinta sa pabrika
1	Pagbagsak/pagkahulog	66 %	17 %
2	Pagtumba	7 %	12 %
3	Pagkaipit/pagkahila	2 %	18 %
4	Reaksyon ng gawain/pinilit na gawain	6 %	9 %
5	Pagtalsik/pagkalaglag	4 %	12 %

Sanggunian: Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan "Work-related injury (pagkamatay/4 na araw o higit pang paghinto sa trabaho) database" (2012-2017) (Koleksyon ng 1,052 aktuwal na kaso na pinapalagay na nauugnay sa trabaho ng pagpipinta)

*Ang ilang organic solvent na ginagamit sa pagpipinta ay nagdudulot ng acute o kronikong pagkalason sa katawan ng tao. Ang paglanghap ng organic solvent ay maaari ring magdulot ng pagkahilo o iba pang problema sa kalusugan atbp. na maaaring maging sanhi ng work-related injury.

Siya nga.

Ngayon naman, tingnan natin ang halimbawa ng mga aktuwal na kaso ng work-related injury!

Halimbawa, marami ring mga naiulat na kaso

Kaso ng pagkalason sa organic solvent

①Magaspang ang kamay

②'Di-normal na pagod, mabigat ang paa

③Sakit ng ulo, pakiramdam ng pananakit ng ulo, pagkahilo

④Pagkairita, hindi makatulog, nababangungot

⑤Mabigat ang tiyan, walang ganang kumain, atbp.

ng pagtumba dahil nadulas ang paa, at ang pagsama ng pakiramdam dahil sa paglanghap ng organic solvent na ginagamit sa pintura at thinner.

Bakit kaya nangyayari ang work-related injury?

Ang pangunahing dahilan ay hindi pagsunod sa mga tuntunin na tumitiyak sa kaligtasan at kalusugan.

Halimbawa, ano'ng mga tuntunin ang mayroon?

Ang pagsagawa ng accident awareness at pagtiyak sa kaligtasan ng lugar ng trabaho bago magsimulang magtrabaho. Gayundin, importanteng laging isuot at gamitin nang tama ang protective equipment tulad ng fall protection equipment at gas mask.

Iyon lang naman pala.

Akala ko mayroon pang mas komplikadong tuntunin.

Hmmm?

Importante ang lubos na pagsunod sa mga tuntunin upang maiwasan ang work-related injury!

O-opoooo!!!

Kailangang mag-ingat lalo na sa pagkahulog mula sa matataas na lugar. Maaaring hindi na makapagtrabaho o mamatay dulot ng malubhang pagkasugat. Mayroon ding kaso ng pagkamatay dahil sa pagkahulog mula sa taas na mas mababa sa 1 m.

Dahil mataas ang panganib na mahulog mula sa mga ladder o stepladder, bigyang konsiderasyon ang pagpalit nito sa mobile scaffolding o portable work bench.

Hindi lang nangyayari ang pagkahulog kapag nasa labas. Marami ring sakuna sa loob ng pabrika kung saan nahuhulog mula sa mababang tapakan na 2-3 hakbang lamang ang taas.

Palaging may kasamang panganib, ano?

Dahil dito, importanteng siguraduhing sundin ang mga tuntunin.

Mahalaga ang pagsuot ng fall protection equipment upang maiwasan ang pagkahulog.

Importante lalo na ang pagsuot ng gas mask upang protektahan ang sarili mula sa mga organic solvent. Isuot nang tama ang kagamitang nababagay sa paggagamitan.

Ano ang mga bagay na kailangang pag-ingatan sa pang-araw-araw?

Alam mo ba ang 4S?

Ang 4S ay ang pundasyon ng health and safety na ang ibig sabihin ay Seiri (Sorting), Seiton (Setting in order), Seiso (Shining) at Seiketsu (Standardizing). Gayundin, mahalaga ring pag-isipan nang mabuti kung saan mayroong nakatagong panganib sa lugar ng trabaho.

Paghiwalayin ang mga kailangan at di-kinakailangang bagay, at itapon ang mga di-kinakailangan

Seiri (Sorting)

Isaayos ang mga bagay upang agad itong makuha anumang oras kapag kailangan ito

Seiton (Setting in order)

Alisin ang dumi, basura atbp, at linisin nang mabuti

Seiso (Shining)

Panatilihin ang kalinisan, at walang dumi sa iyong katawan, damit, at iyong mga kagamitan

Seiketsu (Standardizing)

Ngayon naman,

カチッ…

ガーッ

おお

Tingnan natin

1

ジジ

ang aktuwal na lugar ng trabaho!

CASE 1
Mag-ingat sa scaffolding



Ang KY meeting ay nangangahulugang mga panganib (Kiken) na kaakibat ng trabaho na kailangang bigyang-pansin (Yochi), at pagpupulong upang pataasin ang awareness ukol sa kaligtasan.



Pipi
Pipi
Ah, may tumatawag.

Ah, sempai. Ano po iyon?


Iyon po bang bagong tool sa pagpipinta? Iniligpit ko na po sa likod ng warehouse.

Abala namang ilabas ko ito paulit-ulit mula sa bulsa ko. Ilagay ko na lang dito.


Lunch break—
Ang init! Gutom na rin ako.

Pipipi
Ha!? Tumutunog ang cellphone ko.

Pipipi
Naiwan ko ang cellphone ko sa scaffolding.

Sige po. Pupunta po ako kaagad.


Bibilisan kong bumaba.


!?

CASE 1 Buod

1 Makinig nang mabuti sa mga bagay na kailangang pag-ingatan!



Sa meeting at pagpupulong sa umaga, makinig nang mabuti sa mga bagay na kailangang pag-ingatan at sikaping maiwasan ang work-related injury. Bukod dito, unawain ang panganib ng pintura at thinner.

2 Mag-ingat sa iyong paanan habang lumilipat sa puwesto!

Mag-ingat sa iyong paanan habang umaakyat pataas o pababa ng scaffolding. Huwag kalimutan na madalas mangyari ang sakuna kapag nagmamadali o kapag may trabahong naiiba sa karaniwang ginagawa.

TIPS Sa mga matataas na lugar na 2 m pataas, bawal pumasok sa scaffolding nang walang fall protection equipment o protective equipment!



*Lubhang mapanganib kapag nahulog kahit ang maliit na bagay lamang mula sa matataas na lugar. Ibaba muna ang nilalaman ng bulsa, ballpen atbp. bago umakyat.

*Ilagay sa bulsa sa dibdib na may butones ang mga maliliit na bagay na kailangan talagang dalhin tulad ng cellphone atbp.

CASE 2

Magsuot ng protective equipment







Uwahh! Tumalsik ang thinner at pumasok sa mata ko!

Sapat na sigurong hugasan ko sa tubig mula sa gripo.

Ayon sa tuntunin, kailangan kong magsabi agad sa supervisor pero,
Mamaya ko na lang sabihin kasi tatagal pa ang trabaho kung mapapagalitan ako.
Pero ang sakit ng mata ko, ah. Ayaw tumigil ng pagluha.
Matatapos na ito kapag nahalo na sa paint stirring machine.
OK, susunod naman ang pagpipinta!

Lugar ng pagpipinta
Sinuot ko na ang safety helmet, safety goggles, at chemical protective gloves.
Pero sobrang init ngayong araw na ito, ah.

Ah! Ayoko na! Hindi ko na kayang magsuot pa ng gas mask!


Hindi ko na siguro kailangan ng gas mask kung agad kong matatapos ang trabaho.


Hmmm... medyo nahihilo yata ako.

Kaunti na lang at matatapos ko na ang trabaho
Pero nahihilo ako at sumama ang pakiramdam ko.





*Mayroong nakatukoy na panganib ang mga solvent na may GHS picture label kung kaya't basahin ang nakasulat na impormasyon kasama ang tagapamahala at iba pang manggagawa upang tiyakin ang panganib ng toxicity ng solvent.

CASE 2 Buod

1 Mag-ingat sa paghahawak sa pintura o thinner!

Kapag hahawak ng pintura o thinner, maglagay ng bentilasyon, at takpan ang lalagyan. Kapag natapon ito, punasan at kolektahin ito kaagad.

2 Magsuot ng protective equipment!



Kapag hahawak ng pintura o thinner, siguraduhing magsuot ng gas mask, safety goggles atbp.

Kapag may nangyaring aksidente o sakuna, magsabi kaagad sa iyong foreman o nakatataas kahit na maliit na insidente lamang, at sundin ang kaniyang tagubilin.

TIPS Kapag hahawak ng pintura o thinner, mag-ingat din sa sunog o pagkalason!

Mahigpit na ipinagbabawal ang apoy dahil madaling sumiklab ang organic solvent.

[Halimbawa]
- sigarilyo
- stove heater
- alipato mula sa welding, cutting, grinder
- cellphone (static electricity kapag nag-ring ito)

Maaari ring maging sanhi ng pagsiklab ang static electricity, kung kaya't mag-ingat gawin ang mga sumusunod.
- Siguraduhing naka-ground.
- Ibuhos nang dahan-dahan ang pintura o thinner, at ihalo rin ito nang dahan-dahan.
- Magsuot ng antistatic shoes at antistatic clothes.

Mag-ingat sa pagkalason mula sa organic solvent
- Magsuot ng gas mask habang gumagamit ng pintura o thinner.
- Isara nang madalas ang takip ng pintura o thinner.
- Paganahin ang venilator fan at exhaust duct.
- Kumpirmahin ang Safety Data Sheet (SDS) upang malaman kung ano ang kemikal na substansya ang nilalaman nito.

Sanggunian: Alamin sa Pagbasa ng Manga, Kaligtasan at Kalusugan ng mga Manggagawa (educational material para sa pagtuturo) [Paghawak sa Kemikal na Substansya (Basikong Kaalaman)]

CASE 3

Gamitin nang tama ang mga tool at makina










Gyaahhh!?


Aahh!

OK ka lang?
Hindi ako makakilos dahil sa sobrang bigat! Tulungan mo ako!

Tulungan niyo po kami! May aksidente!


Hm? Ano kayang nangyari...
ガッ
スカッ


Ay! Naku!
Nagkamali ako sa pagsabit ng piyesa dahil na-distract ako.

Kailangan kong ayusin ang pagkasabit nito kaagad.



CASE 3 Buod

1 Huwag tumakbo sa loob ng pabrika.

Huwag tumakbo sa pabrika, huminto sa intersection, at tiyakin ang nasa kanan at kaliwa.

2 Kapag may nangyaring abnormalidad, itigil ang makina at sabihan ang mga kasamahan sa paligid.



Mag-ingat sa pagtumba at pagkahila habang nagsasabit o nagtatanggal. Kapag may nangyaring abnormalidad, huwag mataranta, pindutin ang emergency stop button, at sabihan ang mga kasamahan sa paligid.

TIPS Mag-ingat sa painting machine!

Painting robot



Natamaan sa arm habang isinasagawa ang teaching o paglilinis ng paint gun

Roll coater



Nahila ang kamay sa roll

Paint stirring machine



Nahila ang guwantes sa umiikot na spindle

Mayroong iba't ibang klase ng painting machine. Kailangang mag-ingat lalo na sa mga makinang umiikot o mabilis na gumagalaw.


‘Di ba nalaman ninyo na malapit pala sa inyo ang panganib?
Parang may kahawig ang pagka-malamya ng tauhan sa kwento ninyo.
Ano? Sino raw?
Para sa Health and Safety ng pinagtatrabahuhan, importante ang pagsasaisip ng bawat isa at ang pagsunod sa tuntunin.
Gayundin.....,

Ang work-related injury ay hindi lamang nangyayari sa ibang tao. Ito ay problemang malapit sa inyo.
Gusto kong tandaan ninyo na ang pagsunod sa tuntunin ay para rin maprotektahan ang inyong “sarili,” “pamilya,” at “pamumuhay.”
Mahalaga rin ang pang-araw-araw na komunikasyon sa pinagtatrabahuhan sakaling mayroong mangyari.
OK!
Susundin ko ang mga tuntunin at gagalingan ko araw-araw!

Protective equipment atbp.

Guwantes

Pinoprotektahan nito ang iyong mga kamay mula sa kemikal at matatalim na bagay

Gumamit ng guwantes na gawa sa materyales na akma sa paggagamitan, mahaba ang manggas, at may 5 daliri.

Protective goggles

Pinoprotektahan nito ang mga mata mula sa tumatalsik na solvent at singaw

Gumamit ng goggles na nababagay sa uri ng mapanganib na bagay at toxic na materyales.

Apron

Pinoprotektahan nito ang katawan mula sa kemikal, alikabok atbp.

Isuot ito sa mataas na posisyon hangga't maaari.

Chemical protection suit

Pinoprotektahan nito ang katawan mula sa kemikal, alikabok atbp.

Magsuot ng chemical protection suit na akma sa iyong sukat.



Respiratory protective equipment

Dust-proof mask

Kagamitan upang hindi makalanghap ng alikabok.



Gas mask

Kagamitan upang hindi makalanghap ng nakalalasong gas.



- Gumamit ng mask na akma sa uri ng nakalalasong bagay at konsentrasyon nito.
- Tiyakin ang pagkahigpit nito (fit check).
- Palitan ang filter at canister.
- Para sa mga disposable-type mask, sundin ang oras ng limitasyon ng paggamit nito.



Kapag nakalanghap ng maraming alikabok sa loob ng mahabang panahon, maaaring magkaroon ng penumoconiosis.

Safety helmet

Pinoprotektahan nito ang ulo mula sa pagkatama

I-adjust ang chin strap at higpitan ito upang hindi ito maalis sa puwesto. Palitan ito kapag natamaan nang kahit isang beses lamang.

Antistatic safety shoes na may toe box

Pinoprotektahan nito ang iyong mga paa mula sa mabibigat na bagay at pinipigilan ang pagsiklab sa pamamagitan ng pagpapawala sa static electricity



Magsuot ng botas na akma sa iyong sukat. Magsuot ng botas na nababagay sa trabaho.

Fall protection equipment

Kagamitan upang maiwasan ang pagbagsak o pagkahulog mula sa mataas na lugar

Gumamit ng full harness-type sa pangkalahatang tuntunin. Gumamit ng equipment na naaakma sa kapaligiran ng trabaho.





Punto ng countermeasure 1

Isuot ito nang tama, at gamitin ito nang tama!

Siguraduhing nakaposisyon ito nang tama at walang siwang!



Punto ng countermeasure 2

Gumamit ng protective equipment na akma sa sukat ng iyong katawan!

Kapag hindi akma ang sukat nito, hilingin na palitan ito kaagad.



Punto ng countermeasure 3

Huwag itong hayaang maging marumi o may sira!

Alisin ang dumi.

Kapag nasira ito o nabutasan, palitan ito.



Itago ito sa malinis na lugar.

Alamin sa Pagbasa ng Komiks

Health and Safety sa Pagpipinta

Inisyu Marso 2022

Tagalathala: Ministry of Health, Labour, and Welfare

Plano: Mizuho Research & Technologies, Ltd.
Kooperasyon: Working Development ng Materyales para sa Health and Safety Education Kaugnay sa Pagpipinta
Nilikha: Sideranch Inc.

厚生労働省
Ministry of Health, Labour and Welfare

Kapag may katanungan ukol sa materyal na ito

Ministry of Health, Labour, and Welfare
Labour Standards Bureau
Safety and Health Department
Safety Section